


# 海遊館 OSAKA AQUARIUM KAIYUKAN

## Guide sa Tempoan Harbor Village



- Oras Para sa Aquarium / 10:00 a.m. ~ 8:00 p.m. (Makapasok hanggang 7:00 p.m.)  
Paalaala:  
\* Maaring magbago depende sa panahon.  
\* Sarado ang aquarium sa ilang mga petsa sa Enero (2 na araw bilang kabuuan).
- Bayad Para sa Pagpasok / Adulto (16 anyos pataas o estudyante sa high school) 2,700 yen  
Bata (Estudyante sa elementary at junior high school) 1,400 yen  
Preschool na bata (3 anyos pataas) 700 yen  
Paalaala:  
\* Para sa pagpapareserba at mga tanong may kaugnayan sa pagdalaw bilang grupo, tumawag sa aming desk Para sa Pagrehistro ng Pagdalaw ng Grupo sa 06-6576-5533.



- <Sa Tren> ●Mga 30 minuto mula Osaka (Umeda)  
●Mga 30 minuto mula Namba (Shinsaibashi)  
●Mga 5 minutong lakad mula "Osakako" Station ng Osaka City Subway Chuo Line
- <Sa City Bus> ● Mga 40 minuto mula Osaka (Umeda) hanggang sa "Tempoan Harbor Village" na bus stop
- <Mula sa Airport> ●Mula Kansai International Airport: Mga 65 minuto sa tren / 60 minuto sa nonstop limousine bus  
●Mula Osaka Airport: Mga 60 minuto sa tren

### Kung Paano Makarating



# Tagalog


フィリピン語 (タガログ語)



1-1-10 Kaigandori, Minato-ku, Osaka City 552-0022  
TEL.06-6576-5501 <https://www.kaiyukan.com/>

● Kasali ang buwis sa lahat ng bayad para sa pagpasok na nakalista sa itaas. ● Pakisuyong iwasan ang paninigarilyo, pagkain, pag-inom o ibang mga gawain na maaaring maka-istorbo sa ibang mga bisita. ● Pakisuyong iwasan ang pagdala ng mapanganib na mga bagay o ibang mga bagay na espesipikong ipinagbabawal ng aquarium sa loob ng pasilidad. ● May ilang mga tangke ng aquarium kung saan ipinagbabawal ang pagkuha ng mga letrato o video. Pakisuyong sumunod sa tagubilin ito sa mga tangke kung saan nakalagay ang ganitong mga sign. ● Ang nilalaman ng brochure na ito ay maaaring magbago na walang patunang pagpapalaalam.

## Tempozan Harbor Village



- Information
- May bayad na telepono
- First-aid
- Kuwarto para sa pag-aalaga sa sanggol
- Locker na hinuhulugan ng barya
- CR
- CR para sa naka-wheelchair
- Escalator
- Elevator
- Puwesto ng guwardya
- ATM  
11:00 a.m. ~ 9:00 p.m.
- AED

- 1** Ticket Counter
- 2** Pagrehistro ng Pagdalaw ng Grupo
- 3** KAIYUKAN Hall
- 4** KAIYUKAN Museum Shop
- 1** Bus stop (Papuntang Osaka Station & Namba)
- 2** Bus stop (Papuntang Kansai International Airport)
- 3** Paradahang para sa mga bus
- 4** Pansamantalang paradahang para sa mga shuttle bus



### Tempozan Market place

Masiyahan sa pagdalaw sa mga tindahan ng pasalubong at mga bagay na mabibili, mga restawran, "Naniwa Kuishinbo Yokocho", at iba't ibang kaakit-akit na mga pasilidad.  
<https://www.kaiyukan.com/thv/marketplace/>  
 Bukas sa 11:00 a.m. ~ 8:00 p.m.  
 (Maaring magbago depende sa panahon at sa mga tindahan)

### Naniwa Kuishinbo Yokocho

Ibinalik sa ating panahon ang tradisyonal na lugar ng tindahan at paglilibang ng Osaka noong mga 1965 - theme park ng pagkain na sari-sari ng mga kilalang-kilalang tindahan na naghahanda ng masasarap na pagkain.



### 2 LEGOLAND® Discovery Center Osaka

Subukan ang daigdig ng LEGO Bricks ng kombinasyon ng piling-pili na napakaraming gusali mismo na gawa ng mga brick, at kapana-panabik na mga pang-akit!  
 TEL. 06-6573-6010



### Tempozan Giant Ferris Wheel

Isa sa pinakamalalaking Ferris wheel. Sa maaliwalas na panahon, masiyahan sa malawak na tanawin mula Osaka City hanggang Akashi Kaikyo Bridge at hanggang Kansai International Airport.  
<http://www.senyo.co.jp/tempozan/>



### Sailing Ship na "Santa Maria" Para sa Sightseeing

Masiyahan sa cruise sa palibot ng Osaka Bay (45 minuto)  
<https://suijo-bus.osaka/english/santamaria/>



### Hotel Seagull Tempozan Osaka

Universal Studios Japan™ Associate Hotel  
<https://www.hotelseagull.co.jp/>




### Shuttle Boat na "Captain Line"

Shuttle mula KAIYUKAN West Pier papuntang Universal City Port (10 minuto)  
<http://www.mmjp.or.jp/Capt-Line/>

## Pinahalagahan ng KAIYUKAN.

# Ring of Fire, Ring of Life.



Ang nangingibabaw na simulain ng Kaiyukan ay nakasalig sa teoriyang "ang Gaia hypothesis" na itinaguyod ng British na siyentipikong si James Lovelock, na nagsabing "mahigpit na pinag-iisa ang lahat ng mga bagay na organiko at kanilang inorganikong kapaligiran sa lupa upang buuin ang isa at nagbabago-sa-sariling sistemang komplikado". Ang "The Ring of Fire" ay linya ng mga bulkang pumapalibot sa Pacific Ocean. Nagpang-abot ito sa "The Ring of Life" na siksik at may pagkasari-saring uri ng buhay. Sa mga konseptong itinatampok ng dalawang "Rings" na ito, ginawa ng Kaiyukan ang likas na kapaligiran sa palibot ng Pacific Ocean sa paggaya hangga't maari. Taimtim kaming umaasang madarama at muling pag-iisipan ng lahat ng bisita kung gaano kahalaga at kamangha-mangha ang buhay at kahalagahan din ng likas na kapaligiran sa palibot natin.

## Mga Hayop sa Dagat ng KAIYUKAN

### Aqua Gate

Madarama mong parang lumalakad sa loob ng tubig dahil sa tangke na hugis-tunnel.

Cownose ray, Blotched foxface, at iba pa.



## 8 Great Barrier Reef

Tinatawag ang mga coral reef na "duyan sa dagat". Napakabilis ng paglipas ng panahon habang namamangha sa kagandahan ng kalikasan!

Mga uri ng Butterflyfish at Damselfish, at iba pa.



## 1 Kagubatan ng Japan

May sariling kagandahan sa lahat ng apat na panahon ang Japanese Forest.

Asian small-clawed otter, Japanese giant salamander, at iba pa.



## 2 Mga Isla ng Aleutian

Ang nakahilerang mga isla ng Aleutian ay nasa napakahirap at nagyeyelong kapaligiran. Pero, ang tubig ng dagat sa palibot ay nag-uumpapaw sa mayaman na sustansiya. Sinusuportahan ng tahananang ito ang iba't ibang uri ng isda, kasali rito ang tufted puffin at marami pang uri ng ibon.

Tufted puffin, at iba pa



## 3 Monterey Bay

Tingnan ang buhay ng mga California sea lion at harbor seal sa ibabaw ng lupa at ilalim ng tubig.

Harbor seal at California sea lion.



## 4 Gulpo ng Panama

Umaakyat ang mga Ring-tailed coati sa mga puno nang may kagalingan at maliksi samantalang lumalangoy ang mga uri ng isda na nasa Panama sa dagat nila.

Ring-tailed coati, Long-spine porcupine fish, at iba pa.



## 6 Antarctica

Lumalangoy ang mga penguin na parang lumilipad sa loob ng tubig sa dulong hilaga ng globo.

Adelie penguin, King penguin, at iba pa.

## 7 Dagat ng Tasman

Mabilis na lumalangoy sa tubig ang mga Pacific white-sided dolphin, na mahusay sa paglukso sa Tasmanian Sea.

Pacific white-sided dolphin



## 9 Pacific Ocean

Ang Pacific Ocean ---pinakamalaking dagat sa globo. Binubuo ng napakalaking Whale shark at iba pang uri ng buhay sa dagat na dahan-dahan at tahimik na lumalangoy sa loob ng tubig ang pagkasari-sari ng planeta sa tubig.

Whale shark, Scalloped hammerhead, Humphead wrasse, at iba pa.

## 10 Seto Inland Sea

Nasa kanluran ng Japan ang Seto Inland Sea. Hanapin natin ang mga Common octopus na nagpapahinga sa likod ng mga bato o mga Bastard halibut na tahimik na nakahiga sa ibabaw ng sahig ng dagat.

Barred knife jaw, Red seabream, Spiny lobster, at iba pa.

## 11 Pana-panahong Eksibisyon

Ang mga buhay sa dagat na ipinakitita rito ay maiiba depende sa panahon (halimbawa ang biginngit squid). Inirerekomenda ng aming mga caretaker.

## 13 Cook Strait

Magandang lumalangoy ang mga Loggerhead turtle gamit ang kanilang hugis-sagwan na mga palikpik sa unahan. Maliban sa panahon kung kailan gumagapang sa mabuhanging dalampasigan ang nangingitlog na babae, nananatili sila sa ilalim ng tubig.

Loggerhead turtle, Pink maomao, at iba pa.



## 12 Baybayin ng Chile

Ang malaking kulupon ng Japanese anchovy ay lumilitaw na parang kulay-pilak na kurtina - isang tunay na gawa ng sining na nilalang ng ina ng kalikasan.

Japanese anchovies, at iba pa.

## 14 Japan Deep

Itinatampok ng zone na ito ang Giant spider crab, ang pinakamalaking alimango sa buong daigdig, at iba pang misteryosong buhay sa kalaliman ng dagat.

Giant spider crab, Giant isopod, at iba pa.



## 15 Bagong area ng Jellyfish

Isa sa pinakakilalang mga koleksyon ng jelly fish sa buong bansa. Aakitin ang mga bisita sa mahiwagang kagandahan.

Moon jelly, Brown jellyfish, at marami pa.



## 16 Maranasan ang may yeleng lupain sa hilaga Arctic

Tingnan sa itaas ang yelo sa bubong at tingnan ang mga Ringged seal na tumatawa sa iyo mula sa dome tank na nasa itaas ng iyong ulo. Damhin ang napakalamig na Arctic habang inaamoy ang mga Ringed seal at pinakikinggang lumalangoy sila sa mga yelo gamit ang kanilang mga palikpik.



## 17 Pakinggan, amoyin, at mamangha Mga Isla ng Falkland (Malvinas)

Pakinggan at amoyin ang mga Rockhopper penguin na nakatira sa tirahang ginaya dito. Mamangha sa mga penguigo mabilis na lumalangoy sa tubig o lumulukso sa mga bato, sa harap mismo ng iyong mga mata.




## Guide sa Aquarium

- Aqua Gate
- 1 Kagubatan ng Japan
- 2 Mga Isla ng Aleutian
- 3 Monterey Bay
- 4 Gulpo ng Panama
- 5 Kagubatan ng Ecuador
- 6 Antarctica
- 7 Dagat ng Tasman
- 8 Great Barrier Reef
- 9 Pacific Ocean
- 10 Seto Inland Sea
- 11 Pana-panahong Eksibisyon
- 12 Baybayin ng Chile
- 13 Cook Strait
- 14 Japan Deep
- 15 Jellyfish
- 16 Arctic (Ilalim ng dagat)
- 16 Arctic (Ibabaw ng dagat)
- 17 Mga Isla ng Falkland (Malvinas)
- 18 Espesyal na Eksibisyon

### Audio na Guide

Tamasahin ang pambihirang tunog at kaalamang biswal tungkol sa mga karikitan, ekolohiya at iba pang mga nakakapagturo na aspeto ng mga nialang na naka-display dito. Para sa karagdagang detalye, mangyaring makipag-ugnay sa aming service counter. May bayad ang paggamit nito



- Elevator
- Information
- Locker na hinuhulugan ng barya
- First-aid
- May bayad na telepono
- Kuwarta para sa pag-aalaga sa sanggol
- CR
- Museum Shop

Tiyaking nakatatag sa iyo ang hand-stamp sa panahon ng paglabas mula rito upang makapasok muli sa aquarium sa parehong araw.